Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-7 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 103-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD – KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI GNG. MARIA LERMA C. PASCUAL, KASALUKUYANG PANGULO NG SENIOR CITIZEN NG BARANGAY SAN JUAN, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si **GNG. MARIA LERMA C. PASCUAL,** kasalukuyang Pangulo ng Senior Citizen ng Barangay San Juan, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-6 ng Agosto, 2022;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang asawa na si G. Anghel G. Pascual, mga naulilang anak na sina Rosario, Angelo, Avelino, Arnel at Alejandro, kanyang mga kaanak, ngunit pati na rin sa mga mamamayan ng Barangay San Juan at ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** siya ay nagtala ng paglilingkurang publiko at naging bahagi ng Dakilang Kapulungan ng Sangguniang Barangay ng San Juan bilang Mother Leader, Barangay Health Worker at kasalukuyang Pangulo ng Senior Citizen at naglingkod ng buong katapatan sa kanyang nasasakupang barangay;

**SAPAGKAT,** siya ay isang huwarang lingkod-bayan na nakilala sa larangan ng paglilingkod-bayan bilang isang masipag, mahusay at makatao sa paggampan sa gawain at katungkulang ini-atang sa kanyang balikat ng mamamayan ng Barangay San Juan;

**SAPAGKAT,** sa kanyang pagpanaw ay inulila niya at dinalamhati ang Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod-madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Therese Cheryll B. Ople**, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, **'NA IPINAHAHAYAG ANG MARUBDOB NA PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI GNG. MARIA LERMA C. PASCUAL, KASALUKUYANG PANGULO NG SENIOR CITIZEN NG BARANGAY SAN JUAN, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08162022